# Kasaysayang Buhay, Kabayanihan at Lipunan:
## Ang Talambuhay ni Tandang Sora sa Pagtuturo ng Kasaysayan

Janet Reguindin-Estella

### Abstract

One gap that remains to be thoroughly addressed in the teaching and study of Philippine history is the relatively limited, if not absence of, space allotted to the discussion of the role and issues of women. In most textbooks, what receives much emphasis is the heroism displayed by men while there are only brief mentions about that of women. This, in turn, can result in the students' lack of knowledge and understanding of women's role and importance in our history and society. We can therefore say that to an extent, women continue to be "silenced" in most narratives of Philippine history. With this reality, the significant role of the teacher in situating women in the teaching of history becomes more apparent.

This paper attempts to present various strategies on how to include the biography of Melchora Aquino or Tandang Sora (1812–1919) in teaching history, and in the process, show the heroic example of a woman amidst a social crisis. This study also aims to reiterate that heroism knows no gender and that women greatly contributed to the nation's struggle for freedom.

Isa sa mga suliranin sa pag-aaral at pagtuturo ng kasaysayan ng Pilipinas ay ang kakulangan (kundi man kawalan) ng mga pahinang inilalaan ng mga teksbuk para talakayin ang usapin ng mga kababaihan. Madalas na nabibigyang-diin ang kabayanihang ipinakita ng kalalakihan, kung mayroon man, mga maiiksing pagbanggit lamang ang nakatuon tungkol sa kabayanihan at/o mga bayaning

babae. Ang katotohanang ito ang siyang dahilan kung bakit kulang din ang kaalaman ng mga mag-aaral tungkol sa kasaysayan ng mga babae at kung gaano kahalaga ang kanilang naging ambag sa ating lipunan. Ang kasaysayan ng kababaihan kung ganun ay maituturing na kabilang sa mga "piniping" sektor sa kabuuang naratibo ng kasaysayan ng Pilipinas. Dahilan upang maging mahalaga ang papel ng guro upang bigyan ng puwang ang kababaihan sa pagtuturo ng kasaysayan.

Tatangkain ng pag-aaral na ito na maglahad ng mga kaparaanan kung papaano maaaring ipaloob ang talambuhay ni Melchora Aquino o Tandang Sora (1812–1919) sa pagtuturo ng kasaysayan at sa proseso ay maipakita ang halimbawang kabayanihan na pinatunayan ng isang babae sa panahon ng krisis ng lipunang Pilipino. Patutunayan ng pag-aaral na ito na ang kabayanihan ay walang pinipiling kasarian at ang kababaihan ay may malaking ambag sa pagpapalaya ng bayan.

## Panimula

Bilang pagsasabuhay ng "salaysay na may saysay para sa sambayang Pilipino" (Navarro, 2000), ang pag-aaral ng kasaysayan ay may kaakibat na hamon para sa lahat—hamon na buhayin ang "natutulog" na kamalayang makabayan ng mga Pilipino at hamon na pagyabungin ang kamalayang pangkasaysayan ng bawat isa. Sa proseso ng pagtugon sa mga nabanggit na hamon, sentral na salik ang bahaging ginagampanan ng guro upang matugunan ang mga nabanggit na pangangailangan. Bilang implu-wensiyal na tagapagpalaganap ng kaalaman, hindi lamang usapin kung gaano karami ang kaalamang ibinabahagi, kundi mas higit na tanong ay kung anong uri ba ng kaalaman at/o kamalayan ang inihahatid natin sa mga mag-aaral. Kung kaya't bilang pakikibahagi sa pagtugon sa mga nasabing hamon, tatangkain ng papel na ito na

magbahagi ng pamamaraan kung papaano ba maaaring ituro si Tandang Sora, ang kaniyang kabayanihan at ang kababaihan sa kursong kasaysayan.

Tatalakayin ng papel na ito ang kahalagahan ng kasaysayang buhay sa pag-aaral ng kasaysayan at ng agham panlipunan. Gayundin, ilalahad ng pananaliksik na ito ang kahalagahan ng pagpapasok ng talambuhay at usapin ng kababaihan bilang tema sa pagtuturo ng kasaysayan. Kapwa mahalaga ang nilalaman at pamamaraan sa pagtuturo kung kaya't mayroon ding salaysay tungkol sa talambuhay ni Tandang Sora at ang huling bahagi'y ang pamamaraan na maaring gawin ng guro sa pagtuturo nito ng kasaysayan.

Layunin ng papel na ito na makapag-ambag sa mga lapit at/o metodong maaaring gamitin ng mga guro sa pagtuturo ng kasaysayan partikular na sa buhay at kabayanihan ni Tandang Sora at ng kababaihan sa panahon ng himagsikan.

## Kasaysayang Buhay sa Kasaysayan at Agham Panlipunan

Bilang pinakamahalagang salik at siyang lumilikha ng kasaysayan, mahalagang tampok ang tao bilang pangunahing tuon sa pag-unawa ng ating lipunan. Gayundin naman, sa pag-unawa ng kasaysayan ng isang indibidwal, makabuluhan ding suriin ang mga kaganapan sa kaniyang kapaligiran na sa maraming paraan ay nakaapekto sa kaniyang mga karanasan at kamalayan. Malinaw na mayroong matinding ugnayan ang pag-aaral ng talambuhay at ng lipunan partikular na sa pag-aaral at/o pananaliksik sa agham panlipunan (Nelson, 2006). Ang pag-aaral ng kasaysayan kung gayon ay pag-aaral din sa mga "maliliit" pang karanasan ng mga indibidwal na makatutulong sa mas kritikal at mas malalim na pag-unawa

sa ating pambansang kasaysayan. Ito rin marahil ang dahilan kung bakit patuloy na lumalawak ang pag-aaral sa buhay at karanasan ng mga indibidwal hindi lamang sa disiplina ng kasaysayan kundi sa agham panlipunan sa kabuuan (Chamberlayne, Bornat, at Wengraf, 2000).

Sa mga naratibo tungkol sa Kasaysayang Pilipino, hindi nawala ang pagpapaksa sa mga talambuhay ng mga bayani. Nanatiling kalakip ito sa pag-unawa ng nakaraan. Gayunpaman, hindi sapat ang pagsasalaysay lamang sa kronolohiya ng buhay ng isang indibidwal. Higit na makatutulong sa pagsusuri ng mga kaganapan ang paglalapat ng mga indibidwal na karanasan sa mas malawak na lipunan. Ang pag-aaral ng talambuhay sa ating kasaysayan ay paghahanap din ng kahulugan at kabuluhan sa ating pagiging Pilipino (Diestro, Reyes, at Pagunsan, 2006).

Isang hamon kung gayon na palitawin ang ganitong lapit sa pag-aaral at pagtuturo ng talambuhay sa kasaysayan. Sa pagdadalumat ng "Bagong Kasaysayan" (pagsasanib ng diwa ng "sinaunang kasaysayan" at inangking "historya") (Navarro, 2000), itinuturing na mabisang lapit ang pag-aaral ng talambuhay na nakaangkla sa kinabibilangang lipunan at/o kabihasnan. Dito rin maaaring ipasok ang ideya ng "saysay" na siyang pangunahing adhika ng pag-aaral ng kasaysayang buhay. Mahalagang mailahad ang talambuhay ng indibidwal na may saysay sa bawat Pilipino. Sinaklaw ni Atoy Navarro ang kapookan ng isang indibidwal sa kasaysayan at sa kaniyang lipunan:

> Hindi natin mauunawaan kapwa ang kasaysayan ng indibidwal at kabuuang kasaysayang Pilipino kung wala tayong pag-unawa sa kabuuang kalagayan/kalakaran at pagtatalaban/pagkakaugnayan/pag-uugnayan ng dalawa. Hindi natin mauunawaan ang talambuhay ng mga indibidwal at kung paano sila naging magkakaiba o magkakatulad na tao kung wala tayong pag-unawa sa kabuuang kasaysayang Pilipino.

> Sinasabi ngang tanging sa kapookan o konteksto ng "kasaysayan ng sambayanan" lamang natin wastong matataya ang mga indibidwal (Reguindin at Elumbre, 2008).

Bilang isang lapit o metodo naman sa agham panlipunan, ang pag-aaral ng mga talambuhay ay umusbong lamang sa akademya sa huling bahagi ng ika-20ng siglo. Mayroon nang mga pag-aaral tungkol sa talambuhay noong dekada 1920 at 1930 bagamat nakatuon lamang ito sa kronolohiya ng mga pangyayari tungkol sa isang indibidwal. Hindi ito maituturing kung gayon na pagsasakasaysayan sapagkat ang layunin ng pagsasakasaysayang buhay ay maging intrumento ang buhay ng isang indibidwal upang "maunawaan ang mga pagbabago sa lipunan sa daloy ng kasaysayan" (Reguindin at Elumbre, 2008).

Matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, isa sa mga lumitaw na ideya sa Agham Panlipunan ang binuo ni C. Wright Mills na tinawag niyang "imahinasyong sosyolohikal" (*sociological imagination*). Ito umano ang kakayahang iugnay ang kuwento ng isang indibidwal sa kaniyang mas malawak na kapaligiran at lipunan. Ang talambuhay para kay Mills ay mas mauunawaan kung nakaugat ito batay sa lugar at panahon na kinalakhan ng isang indibidwal (Nelson, 2006). Masasabing malaki ang papel ng pag-aaral na ito ni Mills kung kaya't kalaunan ay tinanggap na ang pagsasakasaysayang buhay bilang metodo sa Agham Panlipunan. Matapos ang pag-usbong ng nasabing pag-aaral sa kanluran, lilitaw na rin ang talambuhay bilang lapit sa pag-aaral at pananaliksik sa Pilipinas nitong dekada 1990 (Aquino, 1999). Maliban sa lapit na kuwentong buhay (*life history approach*), uusbong din ang tinawag na panlipunang talambuhay (*social biography*)—"isang anyo ng pagsusulat ng kasaysayan na naglalayong kapwa saliksikin ang indibidwal at nasaklaw na panahon, kapaligiran at lipunan" (Reguindin at Elumbre,

2008). Ang mga nabanggit na lapit ay kapwa pagtaliwas o pagbuwag sa nakaugalian nang pagsusulat ng talambuhay na nag-uumpisa at natatapos sa mga personal na karanasan.

Mula sa mga nabanggit, ang talambuhay ay masasabing pag-uugnay ng inbidwal sa kaniyang lipunan. Ang pagtatagpong ito ay mabisang susi sa malawak at pangkabuuang pagkatuto ng isang mag-aaral sa displina ng Agham Panlipunan. Ang pag-aaral ng talambuhay kung gayon ay maituturing ding pag-aaral ng lipunan at kasaysayan kung kaya't ang pagsusuri sa buhay ng indibidwal ay mas magpapalawak sa ating pag-unawa sa kasaysayan.

## Talambuhay at Kababaihan sa Pagtuturo ng Kasaysayan

Katulad ng una nang nabanggit, masasabing hindi nawala ang talambuhay sa mga naratibo ng pambansang kasaysayan. Kaya nga't madalas na imahe ng kursong kasaysayan ay pagmememorya ng mga lugar, petsa at higit sa lahat, ng mga pangalan ng taong naging bahagi ng kasaysayan. Gayunpaman, bagamat maituturing na may sapat na salaysay ng mga talambuhay sa mga akda, nalilimita naman ito madalas sa mga talambuhay ng mga lalaki. Kung kaya't mahalagang usisain din kung bakit karamihan sa mga naisakasaysayang buhay ay pumapatungkol sa mga lalaking bayani at/o mga lider.

Mayroong dalawang pangunahing paniniwala na binanggit si Ma. Luisa Camagay kung bakit madalas na namamayani ang mga lalaki sa mga salaysay ng ating kasaysayan. Una, ang mga naunang akdang pangkasaysayan ay isinulat ng mga lalaking historyador na may interes sa kasaysayang pulitikal at diplomatiko kung kaya't ang nabigyang-diin sa kanilang mga naratibo ay mga kapwa lalaki. Dahilan upang hindi gaanong mapagtuunan

ng pansin ang mga ginampanan ng kababaihan. Pangalawang dahilan ay ang umano'y kakulangan sa batis tungkol sa mga babae. Pinabulaanan ni Camagay ang huling nabanggit na dahilan at ayon sa kaniya ay taliwas sa naunang paniniwala tungkol sa mga batis, may mayamang sanggunian tungkol sa kababaihan ngunit dahil nga sa pagsusulat ng mga lalaking historyador, hindi ganap na nagamit ang mga batis tungkol sa kababaihan. Kaakibat na rin nito ang pagtingin na hindi gaanong mahalaga ang papel ng mga kababaihan sa pakikipaglaban para sa kalayaan (Camagay, 1998). Ito marahil ang dahilan kung bakit sa matagal na panahon ay nawala ang kababaihan sa pagpapalawak ng pambansang kamalayan. Naging pangkaraniwang kaalaman tuloy ang ideyang tila lalaki lamang ang nagsipag-ambag sa pagbubuo ng bayan (Camagay, 1995). Ang katotohanang ito ang nagdala sa imahe ng mga babae bilang mga "nawawala" at "naisasantabing" sektor sa historiograpyang Pilipino. Tinawag na *"historical rehabilitation"* ni Maria Nela Florendo ang umano'y kinakailangang pagrerebisa ng mga tradisyunal na akdang pangkasaysayan na halos nakatuon lamang sa kadakilaan ng mga lalaki (Florendo, 1998). Isang mabigat na hamon kung gayon para sa mga guro ang pagpapalitaw sa mga mahahalagang ambag ng kababaihan sa pagtuturo ng Kasaysayan ng Pilipinas.

Bilang may pinakamapagpasiyang papel sa loob ng klase, mahalagang magkaroon ng kamalayang *gender-sensitive* ang guro. Ang kaniyang makapangyarihang papel bilang tagapaghulma ng kaalaman at kamalayan ng mga estudyante ay malaking salik sa pagbubuwag ng nakagisnang patriarkal na pag-aaral ng kasaysayan (Jose, 2008). Bagamat kulang ang mga teksbuk ng naratibo tungkol sa mga babae, may mga alternatibong pamamaraan na maaaring ilapat ang guro upang bigyan nang sapat na puwang ang mga babae sa kaniyang mga lektura/panayam. Una na rito ang paggamit ng peministang lapit (*feminist approach*) sa pagtuturo ng kasaysayan. Upang maisagawa

ito, kinakailangang magkaroon ang guro ng tinatawag na "kamalayang peminista o pagkamulat at pagkilos tungo sa pagkakapantay-pantay ng kababaihan at kalalakihan sa lipunan" (Jose, 2008). Kung babalikan ang kasaysayan ng Pilipinas, makikitang sa sinaunang pamayanang Pilipino, may makapangyarihang papel din ang kababaihan tulad ng sa mga lalaki. Kung mahalaga ang datu bilang lider-pulitikal at ang panday bilang nangunguna sa aspetong teknolohikal, kasinghalaga rin ng mga ito ang mga babaylan o katalonan na siyang pangunahing kinikilala sa mga kaalamang bayan partikular na sa aspeto ng panggagamot, espiritwal at kultural (Santiago, 1996). Ang katayuan ng kababaihan sa sinaunang pamayanan ay tumpak na naisalarawan sa salaysay sa ibaba:

> Nagkakaisa ang mga historyador at sosyologo na ang mga babae sa ilang piling pormasyong tribal bago dumaong ang mga Kastila at nagtaglay ng kagalang-galang at maipagmamalaking posisyon sa komunidad. Sa mga lugar na hindi pa napailalim sa Islam, ang mga babae kundi man kapantay ng lalaki ay maaaring may nakahihigit na estado. Bukod sa maari silang maging pinuno ng tribu, ang mga anak nila ay nagtataglay ng kanilang pangalan, may karapatan sila sa mga pag-aari ng pamilya at angkan at may kalayaan din sila sa pag-aasawa at pakikipaghiwalay sa asawa kung minamarapat (Santiago, 1996, 142).

Sa ganitong pag-unawa, masusuring ang patriarkal na pagtingin sa lipunan ay dala lamang ng kolonyalismo. Sinira ng mga banyaga ang kaayusan sa lipunang Pilipino kabilang na ang estado ng kababaihan sa mga pamayanan. Ang kamalayang ito ang siyang magbibigay-buhay sa kamalayang peminista sa guro upang lapatan ng kritikal na pagsusuri ang mga salaysay partikular na sa panahon ng kolonyalismo sa bansa.

Ang paggamit ng iba pang sangguniang akda ay makatutulong din sa pagpapalawak ng naratibo tungkol sa

kababaihan. Dahil hindi madalas mahagilap ang babae sa mga teksbuk pangkasaysayan, maaaring gumamit ng pantulong na mga babasahin ang guro upang mabigyan ng pagkilala ang mga babae sa kasaysayan. Ang nilikom na mga pananaliksik tungkol sa kababaihan sa kasaysayan ng Pilipinas ay makikita sa akdang "Kababaihan sa Kalinangan at Kasaysayang Pilipino" (Jose at Navarro, 2010). Mula sa iba't-ibang yugto ng kasaysayan, makikita sa aklat na ito ang iba't-ibang bahaging ginampanan ng kababaihan sa iba't-ibang panahon. Sa paraang ito, mabibigyang-tinig ang mga "piniping" kababaihan sa mga tradisyunal na salaysay ng kasaysayang pambansa. Sa kabilang banda, bagamat, nakapokus lamang sa Maynila, mahalaga ring babasahin ang akdang *Working Women of Manila in the 19th Century* (Camagay, 1995). Ang nasabing akda naman ay halimbawa ng pagsasakasaysayan sa karanasan ng mga pangkaraniwang babae partikular na ng mga *cigarreras, tenderas, bordadoras, costureras, mujeres publicas* at iba pa noong ika-19 dantaon. Makabuluhang banggitin ang akdang ito sapagkat kaiba sa maraming akda tungkol sa kababaihan, isinasalaysay nito ang mga karanasan ng mga babae na hindi nakaangkla sa periodisasyon ng tradisyunal na kasaysayan. Ayon kay Rosalinda Pineda Ofroneo, mayroong tendensiya ang mga historyador na tumuon sa iilang kababaihan na nagpakita ng kabayanihang ipinakita ng mga lalaki (Ofroneo, 1998). Ang ganitong pamamaraan ay tila reaksyon lamang na mga salaysay sa umiiral nang pagsasakasaysayan. Dahilan upang hindi gaanong mabigyan ng pansin ang mga karaniwang babaeng nakipaglaban din sa iba pang paraan maliban sa aktwal na rebolusyon. Ang akda ni Camagay kung gayon ay isang pagtatangka na baguhin hindi lamang ang lugar ng mga babae sa mga salaysay kundi ang pagpapakilala ng panibagong pagpapanahon at/o periodisasyon na nakaangkla sa karanasan ng mga babae at hindi lamang ng mga lalaki (Camagay, 1998).

Kaugnay ng nabanggit ng iilang kababaihan lamang ang naisusulat sa kasaysayan, kabilang si Melchora Aquino sa iilang babaeng binabanggit sa kasaysayan ng Pilipinas. Kasama nina Gregoria de Jesus, Trinidad Tecson at Gabriela Silang, sila ang mga babaeng kinilala bilang mga asawa ng mga "naunang" lumaban at naghimagsik o kaya naman ay mga gumamot sa mga sugatang rebolusyonaryo (Jose, 2008 at Ani, 2010). Ang mga limitadong paglalarawan na ito ay kabilang sa mga dahilan kung bakit mahalagang lapatan ng iba pang lapit at/o metodolohiya ang pagtuturo ng kasaysayan ng kababaihan kaiba sa nakagawian. Ang talambuhay at kabayanihan ni Melchora Aquino halimbawa ay maaring mas palawakin at palalimin tungo sa pangkabuuang pag-unawa sa kabayanihan at ambag ng kababaihan sa kasaysayan.

## Tandang Sora: Talambuhay at Kabayanihan

Kilala bilang "Ina ng Katipunan," "Ina ng Balintawak," at "Ina ng Rebolusyong Pilipino," si Melchora Aquino o Tandang Sora ay ipinanganak noong Enero 6, 1812 sa Banlat, Caloocan (ngayon ay bahagi ng Lungsod Quezon). Dahil sa araw ng kaniyang kapanganakan kung kaya't hinango ang kaniyang pangalan mula sa isa sa mga tatlong haring si Melchor. Ayon sa mga tala, sinasabing mayroong magandang tinig si Melchora kung kaya't sa kaniyang kabataan ay madalas siyang anyayahan sa mga pabasa sa mga karatig-baryo. Maaaring tingnan ang karanasang ito bilang unang yugto ng kamulatan ni Melchora sa mga kanaganapan sa lipunan. Ang mga teksto ng pasyon na naglalarawan ng buhay ni Hesukristo bilang api at nagkaroon ng malakas na impluwensiya sa taong bayan (Ileto, 2011) ay masasabing tumimo sa maagang kamalayan ni Melchora. Kung babalikan, ang ika-19 siglo, yugto kung kailan isinilang at lumaki si Melchora ay yugto rin sa kasaysayan ng Pilipinas kung kailan malawak ang naging impluwensiya ng pasyon sa mga Pilipino. Iba't-iba man ang

interpretasyon sa teksto nito, maituturing itong isa sa mga instrumentong humubog sa kamalayan ng mga katutubo. Maaaring katulad ng mga rebolusyonaryo, tumimo rin kay Melchora ang mga aral ng pasyon na api at kailangang lumaban taliwas sa inaasahan ng mga prayle na maging sunud-sunuran sa mga mananakop (Ileto, 2011).

Gayundin, madalas siyang kunin bilang Reyna Elena sa mga santacruzan. Napangasawa ni Melchora Aquino si Fulgencio Ramos na naging *cabeza de barangay* ngunit maagang pumanaw kung kaya't mag-isa si Melchora na nagtaguyod sa kaniyang anim na anak na sina Juan, Simon, Estefania, Saturnina, Romualdo at Juana (Quirino, 1995 at Varias-De Guzman, de Leon, Santiago, at Erestain, 1967).

Nang sumiklab ang himagsikan noong 1896, walumpu't apat (84) na taong gulang na si Melchora Aquino, dahilan upang tawagin siyang Tandang Sora sa kasaysayan. Umanib sa Katipunan ang kaniyang panganay na anak na si Juan kung kaya't hindi nakapagtatakang ginamit ang kanilang tahanan bilang lugar ng pagpupulong (o tagpuan) ng mga Katipunero. Bilang may-ari ng tahanan, si Tandang Sora ang naghahanda ng pagkain ng mga manghihimagsik sa tuwing sila'y magpupulong na umaabot mula ika-siyam ng gabi hanggang halos hatinggabi (Medina, 1995). Maliban sa pagbibigay ng pagkain sa tuwing may pulong, kinilala rin si Tandang Sora bilang nagbigay ng bigas, kalabaw at iba pang suplay sa Katipunan noong panahon ng himagsikan. Ang kaniyang unang donasyon ay isang daang (100) kaban ng palay at sampung (10) kalabaw. Sa panahon ng pakikipaglaban, patuloy na naging kanlungan ang kaniyang tahanan ng mga Katipunerong sinaktan at pinahirapan ng kolonyal na pamahalaan ng Espanya. Kaniyang ginamot at pinakain ang mga sugatang rebolusyonaryong nagtago sa kaniyang tahanan (Quirino, 1995, Varias-De Guzman, de Leon, Santiago, at Erestain, 1967, at Villangca, 1998).

Ang mga nabanggit na ugnayan ni Tandang Sora sa Katipunan ang dahilan kung bakit tinugis siya kasabay ng pagtugis sa mga rebolusyonaryo. Sa utos ni Bonifacio, lumikas siya patungong Novaliches ngunit nahuli siya ng mga Espanyol at pagkatapos ay ikinulong. Sa kabila ng pananakot at pamimilit, hindi pa rin ibinunyag ni Tandang Sora ang kaniyang mga nalalaman tungkol sa Katipunan. Gayundin, sa kabila ng mga hirap at pasakit, hindi tinanggap ang pabuyang inialay sa kaniya ng mga mananakop kapalit ng mga impormasyong hinihingi mula sa kaniya (Varias-De Guzman, de Leon, Santiago, at Erestain, 1967).

Dala ng edad, matapos ikulong sa bilibid sa Maynila, ipinatapon si Tandang Sora sa Guam kasama ng 171 pang *deportados* noong Setyembre 2, 1896 dahil sa kasong sedisyon at rebelyon (Medina, 1995). Sa barko, kaniyang nakilala si Justo Dunca, isang mayamang Pilipino mula sa Pampanga na nakatira sa Guam at siya'y inanyayahan sa tahanan nito at kinuhang kasambahay. Sa pamilyang ito nanatili at nanilbihan si Tandang Sora hanggang sa makabalik siya sa Pilipinas noong Pebrero 26, 1903. Sa edad na 107, pumanaw si Tandang Sora noong 1919 sa bahay ng kaniyang anak na si Saturnina (Varias-De Guzman, de Leon, Santiago, at Erestain, 1967, Villangca, 1998, Dery, 2000).

Marahil, dala ng pagbibigay-diin sa ginawang paggagamot at paghahanda ng pagkain para sa mga rebolusyonaryo, ang pagiging "Ina" ni Tandang Sora ang siyang higit na nakilala sa kasaysayan ng himagsikang Pilipino. Bagamat tradisyunal na paglalarawan sa mga babae, mahalaga pa ring kilalanin ang kabayanihang ito sapagkat katulad ng pagkilala natin sa mga ina, ang ginawa ni Tandang Sora ay pagbibigay-buhay (pagpapagaling) sa mga rebolusyonaryo upang ipagpatuloy ang kanilang pakikipaglaban. Hindi siya aktwal na nakipaglaban ngunit isa siya sa mga nagpalakas sa ating mga rebolusyonaryo

na masasabing pagpapalakas na rin sa puwersa ng Katipunan sa kabuuan. Sa kabila ng tradisyunal na pag-uugnay, hindi pa rin matatawaran ang kabayanihan ng isang ina sa pangangalaga sa kaniyang mga anak. Ang ganitong ambag ng mga babae ay kinilala mismo ni Emilio Aguinaldo sa kaniyang tala tungkol sa rebolusyong Pilipino. Halimbawa na rito ang naganap na labanan sa Zapote. Ayon kay Aguinaldo:

> Ang inasal ng taong bayan noong panahon na ito ay tunay na kapuri-puri. Tuwing may putukan, sila ay dumarating at handing tumulong. Ang kababaihan at bata ay may dalang pagkain at tubig. Ang mga sugatan ay kanilang inuuwi sa kanila at inaalagaan (Camagay, 1996, 6).

Dagdag pa sa mataas na pagtingin sa pagiging "ina," may masuring "paghuhukay ng pakahulugan" si Mary Jane Rodriguez-Tatel sa malapit na ugnayan ng babae (ina) at himagsikan:

> "Inang Bayan" ang sagisag ng kabuuang hiningahan at nilamnan ng Katipunan. Sa ganang ito, "babae" ang larawan-diwang nanunuot sa kamalayan at proyekto ng pagbubuong nakasalig sa pangkalahatang kapatiran ng SangkaPilipinuhan: ang Kataastaasang Kagalanggalang na Katipunan ng mga Anak ng Bayan. Sa bisa ng "ina" na nabubuhay ang diwa ng kapatiran na gumagarantiya sa pagdadamayan at pagkilos ng bawat isa para sa kapakanan ng lahat. Gayunpaman, ang babae sa talinghaga ng "Inang Bayan" ay hindi lamang isang positibong imahen na pinag-aalayan ng pakikibaka. Siya ang kaluluwa o ispiritung nagpakilos sa mga tao upang maghimagsik. Samakatwid, sa bisa ng ina ipinunla at nilinang ang binhi ng isang iniluwal ng himagsikan. Ang taumbayan—babae, lalaki, bata, at matanda, sa kabundukan man o kapatagan—ay kumilos hindi lamang upang wasakin ang sistemang kolonyal kundi higit pa rito, upang "magsilang" ng pagbabago. Ang himagsikan kung gayon, ay isa ring "pagluluwal"—isang pagbibigay

ng buhay gaya ng papel na itinakda ng kalikasan para sa kababaihan (Rodriguez-Tatel, 2010, 145).

Ang kabayanihan ni Tandang Sora ay maari ring gamitin upang unawain at suriin ang ilan pang kabayanihan ng mga babae noong panahon ng himagsikan. Katulad ni Tandang Sora, hindi rin matatawaran ang ipinakitang katapangan ni Marina Dizon. Namayani rin sa kaniya ang tibay ng loob sa mga pagsubok sa nasabing panahon. Makikita ito sa halimbawang salaysay tungkol kay Dizon:

> Bilang tagapagtago ng mga dokumento, nanumpa siyang walang sinuman o anumang makapag-udyok sa kanya na isiwalat ang mga ito; maging ang banta ng pagkabilanggo o kamatayan. Sa katunayan, nang paslangin ang kaniyang ama at arestuhin at ipiit ang kanyang asawa, sinunog niya ang lahat ng dokumento kaysa madiskubre ng mga sundalong Español ang mga ito…
>
> … Hanggang sa panahon ng Amerikano; kahit na tumakas pa ang kanyang asawa patungong Hongkong upang makaiwas sa pagtugis ng mga Amerikano nanatili pa rin siya sa Maynila nang hindi natitigatig (Rodriguez-Tatel, 2010, 139).

Dagdag pa sa nabanggit, makabuluhan ding kilalanin ang mga babaeng nagbuwis ng buhay sa aktwal na labanan sa panahon ng himagsikan gaya nina Henerala Gregoria Montoya (bayani ng labanan sa tulay ng Calero, Dalahikan), Trinidad Tecson—"Ina ng Biak-na-Bato" (bayani ng labanan sa Bulacan), Marcela Marcelo (bayani ng Kabite), Henerala Agueda Kahabagan (rebolusyonaryo ng Laguna), at Teresa Magbanua (lumaban sa Iloilo) (Rodriguez-Tatel, 2010).

Maliban pa sa pagiging ina, kahanga-kahanga rin ang ipinakitang tatag ni Tandang Sora sa kabila ng kaniyang edad. Katulad ng nabanggit na, walumpu't apat na taong gulang na siya nang maganap ang himagsikan—edad kung kailan inaasahan ang pananahimik na lamang ng isang

indibidwal sa kaguluhang dala ng digmaan. Kung tutuusin, dahil Katipunero naman ang kaniyang anak, maaring iniwan na lamang nito ang pakikipaglaban kay Juan. Kung hindi naman ay dala pa rin ng kaniyang edad, maaaring ang anak na lamang niya ang kaniyang inaruga sa halip na isama pa sa kaniyang pangangalaga ang iba pa. Sa paraang ito, makikita ang matinding pagsasakripisyo ni Tandang Sora para sa kalayaan at sa Inang Bayan. Ang kaniyang pagnanais na kumawala sa kahirapang dala ng kolonyalismo ay mararamdaman sa ginawang pagpapalakas sa mga rebolusyonaryo. Maituturing siyang salamin kung gayon ng mga babaeng matatag at dakilang nakisangkot sa pakikipaglaban ng bayan.

Ang naranasang pagpapatapon kay Tandang Sora sa Guam ay isa ring paraan upang suriin ang kaniyang kabayanihan. Maaaring tingnan ito bilang pagkilala sa mga bayaning nagpatuloy ang pagsisikap sa ibayong-dagat. Hindi bago ang usapin ng pagpapatapon ng mga rebolusyonaryo sa malalayong lugar bilang parusa sa mga lumalaban sa pamahalaang kolonyalismo. Gayunpaman, natatangi ang halimbawa ni Tandang Sora sapagkat karamihan sa mga ipinapatapon sa panahong ito ay mga lalaki—mga rebolusyonaryo at/o subersibo. Isa si Tandang Sora sa iilang babaeng ipinatapon sa ibang bansa dahil sa kaniyang pagiging "panganib" o "banta" sa pamahalaan partikular na sa pagsupil sa pakikipaglaban ng mga makabayang Pilipino. Sa katunayan, sa 171 *deportados* na ipinatapon sa Guam noong Setyembre 1896, si Tandang Sora lamang at ang isa pang nagngangalang Segunda Puentes Santiago (nahuli sa sagupaan sa San Juan del Monte noong Agosto 30, 1896) ang mga babaeng kasama sa mga ipinatapon (Medina, 1995). Sa ganitong pagtingin, maaaring ihalintulad ang kabayanihan ni Tandang Sora sa iba pang bayaning nagbuwis ng buhay sa aktwal na labanan.

Ang nasabing pagsusuri sa kabayanihan ni Tandang Sora ay hindi masyadong naituturo (kundi man hindi talaga itinuturo) sa mga mag-aaral ng kasaysayan. Kung kaya't mayroon pang malaking pangangailangan na palawakin at palalimin ang pag-unawa kay Tandang Sora bilang bayaning hindi lamang gumamot sa mga Katipunero kundi higit sa lahat, nagpakilala ng iba pang uri kabayanihan ng mga babaeng may sariling salaysay rin sa panahon ng kolonyalismo at himagsikan.

## Ang Pagtuturo ng Talambuhay ni Tandang Sora sa Kasaysayan

Isang malaking hamon para sa isang guro ang pagtuturo ng talambuhay ni Tandang Sora sa kursong kasaysayan, lalo pa't marami sa mga nailimbag na teksbuk ng Kasaysayan ng Pilipinas ay nakatuon lamang sa kabayanihan ng mga lalaki. Sa mga tala tungkol sa himagsikan at Katipunan, nababanggit lamang ang mga babae upang sabihing mayroong lumitaw na sangay ng kababaihan sa nasabing organisasyon—sangay na iniluwal ng pangangailangang "pagtakpan" o "proteksyonan" ang mga pagpupulong ng mga rebolusyonaryong lalaki. Sa ganitong salaysay, hindi nakakapagtakang ang madalas lamang na nababanggit ay sina Josefa Rizal, Gregorio de Jesus, Marina Dizon at Angelica Rizal Lopez. Kung mayroon mang pagbanggit sa pangalang "Melchora Aquino" o "Tandang Sora," nalilimita ito sa pagkilala sa kaniyang bilang "Ina ng Katipunan" dahil sa kaniyang paggagamot sa mga rebolusyonaryo. Sa mababaw na pagtingin, tila sinasabi ng pagpapakilalang ito na nag-umpisa at natapos ang ambag ni Tandang Sora sa kaniyang ginawang paggagamot. Ang katotohanang ito ang dahilan kung bakit nais nating bigyan ng tugon ang hamon ng pagtuturo kay Tandang Sora sa kasaysayan.

Bilang introduksyon sa pagtuturo ng talambuhay at kabayanihan ni Melchora Aquino, maaaring mailahad muna ng guro sa kaniyang mga estudyante ang kahalagahan ng pag-aaral ng mga bayani at ng mga babae sa kasaysayan. Nabanggit na ang kahalagahan ng kababaihan sa kasaysayan sa unang bahagi ng artikulong ito na maaaring maging gabay ng guro sa pagtuturo.

Mayroong dalawang pangunahing salik na dapat pagtuunan ng guro sa kaniyang pagtuturo: ang nilalaman at ang pamamaraan. Sa kaso ng talambuhay ni Tandang Sora, kapansin-pansin ang mga maiiksing tala lamang tungkol sa kaniyang talambuhay. Marami pang paggalugad na kinakailangan sa mga primaryang batis na bubuo sa malawak na pagsalaysay sa talambuhay ng bayani. Kung kaya't sa kasalukuyan, katulad ng ginawang pagbubuo sa kuwento ng buhay ni Tandang Sora sa akdang ito, maaaring tipunin na lamang ang mga artikulong nasusulat tungkol sa kaniya at muling bumuo ng salaysay mula sa pinagsama-samang banggit sa mga artikulo. Kasinghalaga ng nilalaman ang pamamaraan kung papaano maituturo sa mga mag-aaral ang buhay at ang kahalagahan ni Tandang Sora sa kasaysayan at sa lipunan. Sa bahaging Himagsikang Pilipino (1896), maaaring ipasok ang pagtuturo ng talambuhay ni Melchora Aquino. Para sa epektibong pag-kaunawa ng mga mag-aaral, mahalagang gumamit ng pangkalahatang gabay na pamamaraan ang guro. Halaw mula sa pamamaraan ng pagtuturo ng *Literacy Training Service* (LTS) ng Ugnayan ng Pahinungod sa Unibersidad ng Pilipinas—Los Baños, maaaring ilapat ang paraang "ADIDS" sa pagtuturo ng talambuhay ni Tandang Sora sa mga mag-aaral ng kasaysayan. Ang "ADIDS" ay *acronym* na katumbas ng:

A – *activity*
D – *discussion*
I – *input*
D – *deepening*
S – *synthesis*

Sa unang bahagi (*activity*), maaaring gumamit ng iba't-ibang gawain ang guro upang mabisang maituro ang paksa (Ani, 2010). Ang pagpapagawa ng mga aktibidad bago ang talakayan ay makatutulong sa pagkiliti ng interes ng mga mag-aaral sa paksang tatalakayin. Ilan sa mga gawaing maaaring iatas ay ang pagbabasa ng iba't-ibang artikulo tungkol sa talambuhay ni Tandang Sora; pagsusuri sa mga larawan, pagbubuo ng *concept map* o kaya naman ay sa porma ng isang laro kung saan sa proseso ay malalaman ng mga mag-aaral ang mahahalagang salaysay tungkol kay Tandang Sora. Kung mayroong gamit sa klasrum, maaaring ipalabas sa klase ang isang episode ng "Bayani" na nagpapakita ng talambuhay ni Tandang Sora (Lopez-Roy, Añonuevo at Celstino, 1996). Sa paraang ito mabubuhay naman ang imahinasyon ng mag-aaral ang larawan at/o kaganapan hindi lamang sa buhay ni Tandang Sora kundi sa panahong kaniyang ginalawan.

Pagkatapos ng gawain, maaaring maging tagapag-padaloy ang guro sa talakayan sa klase (*discussion*). Hayaang magbahagi ang mga mag-aaral ng kanilang opinyon at/o pag-unawa sa kaugnayan ng ginawang aktibidad sa paksa ng lektura. Bilang tagapagpadaloy, kinakailangan ang kakayahan ng guro upang himukin ang mag-aaral na pag-isipan at/o sagutin sa proseso ng talakayan ang sumusunod na tanong:

1. Sino si Melchora Aquino?
2. Ano o anu-ano ang kaniyang naging ambag sa panahon ng himagsikan?
3. Ano o anu-ano ang mga karanasan niya na humubog sa kaniyang katatagan bilang indibidwal at bilang babae?
4. Papaano niya ipinakita ang kaniyang pag-ibig sa pamilya at sa bayan?

Upang magkaroon din ng ambag ang mga mag-aaral, hayaang malinang ang kanilang kritikal na pagbabasa at hingan sila ng ilan pang ideya na maaari ring iugnay sa

buhay ni Tandang Sora (*input*). Maaaring hingan ng opinyon ang mga mag-aaral tungkol sa (1) mga kahirapang dinanas ng mga Pilipino sa ilalim ng kolonyalismo; (2) hindi pagkilala sa edad at/o kasarian sa ginawang panghuhuli ng mga Espanyol at; (3) katapangan ng kababaihan noong ika-19 dantaon at noong panahon ng himagsikan. Mula rito'y maaaring palalimin ang talakayan sa pamamagitan ng pag-uugnay sa talambuhay ni Tandang Sora sa kabuuang lipunan at/o kalakaran noong ika-19 dantaon (*deepening*). Dito maaaring gawing tuntungan ng guro ang pagtuturo na rin sa iba pang halimbawa ng kabayanihan na ipinakita ng mga babae noong panahon ng himagsikan. Sa pamamagitan nito, maipapakita ang iba't-ibang uri ng kabayanihang lumitaw sa nasabing panahon. Mahalagang bigyang-diin na ang halimbawang ipinakita ni Tandang Sora ay hindi hiwalay sa iba pang kababaihan na kumilos din para sa kalayaan. Mabisang paraan ang pag-uugnay ng kabayanihan ni Tandang Sora sa iba pang porma ng kabayanihan upang maipaunawa sa mga mag-aaral ang pagkakaisa ng mga Pilipino sa pagkamit ng kalayaan.

Minsan, nababagot ang mga mag-aaral sa kursong kasaysayan sapagkat tila "iniiwan" sa nakaraan ang mga kaganapang pinag-aaralan. Isang hamon muli sa mga guro ang pagbuwag sa ganitong pagtingin ng mga mag-aaral kung kaya't mahalaga ang paghahanap ng kabuluhan ng kasaysayan sa ating kasalukuyan. Sa huling bahagi ng lektura (*synthesis*), matapos magbigay ang guro ng pagsusuri at/o pagsusuma sa mga iniambag ng mga mag-aaral sa klase, maaaring gamitin ang paksa upang unawain ang kasalukuyang lipunang Pilipino. Partikular na maaaring suriin bilang kaugnay na paksa ang kasalukuyang kalagayan ng kababaihan sa lipunan; ang iba't-ibang halimbawa ng kabayanihan ng mga babae sa ating panahon at; kung papaano ba nabubuhay at/o nabibigyang-halaga ng kasalukuyang henerasyon ang kabayanihang ipinakita ni Tandang Sora at ng iba pang kababaihan.

Sa pamamaraang nabanggit, mas napapalawak at napapalalim ang pagsusuri sa talambuhay ni Tandang Sora at ang pangkalahatang pagkatuto tungkol sa kababaihan at sa himagsikan.

## Konklusyon

Ang pagtuturo ng kasaysayan ay isang mabigat na hamon hindi lamang dahil sa nawawalan ng interes ang ilang mag-aaral dito kundi higit sa lahat, mabigat ang nakaatang na responsibilidad sa guro na lalong palalimin at palawakin ang pagtuturo para sa pangkabuuang pagkatuto ng isang mag-aaral. Ang pagtuturo kung gayon ay patuloy na paghahanap ng mga bagong lapit at pamamaraan para sa epektibo at progresibong kaalaman ng mga mag-aaral hindi lamang para sa kasaysayan kundi para sa kababaihan at lipunan.

Dahil nagpapatuloy ang "pagkawala" ng mga babae sa mga naratibo ng pambansang kasaysayan, hindi rin nakakagulat ang "pagkawala" pa rin ng kababaihan sa kamalayan ng mga mag-aaral. Ang papel ng guro kung gayon ay napakahalaga sa patuloy na pakikipaglaban para sa pagkilala sa kababaihan na hindi pa rin natatamo hanggang sa kasalukuyan. Bagamat malalim at mahabang proseso ang kinakailangan para sa pagbabago sa periodisasyon at paraan ng pagsasakasaysayan, ang mapagpalaya at "malay-sa-kasarian" na pagtuturo ng kasaysayan ay isang hakbang tungo sa mas makabuluhang pagkatuto ng mga mag-aaral.

## Talasanggunian

Ani, A. C. (2010). Pag-ibig ng Kababaihan: Sarili, Pamilya, at Bayan – Pagtuturo ng Papel ng Kababaihan sa Himagsikan nasa N.S. Ocampo (patnugot), *Paghiguma-anay: Romansa at Pagniniig sa Kasaysayang Pilipino (Mga Papel ng ika-21 Pambansang Kumperensiya ng ADHIKA ng Pilipinas, Inc.* Maynila: Pambansang Komisyon Para sa Kultura at Sining at ADHIKA ng Pilipinas, Inc.

Aquino, C. (1999). Pagbabahagi ng Kuwentong Buhay: Isang Panimulang Pagtingin nasa S. Guerrero (patnugot). *Gender Sensitive and Feminist Methodologies: A Handbook for Health and Social Researchers.* Lunsod Quezon: UP Press.

Camagay, M.L. T. (1995). Ang Kababaihan at Pambansang Kamalayan nasa *Philippine Social Science Review.* 52(1–4). 1–14.

Camagay, M.L. T. (1995). *Working Women of Manila in the 19th Century*. Lunsod Quezon: UP Press at Center for Women Studies.

Camagay, M. L. T. (1998). Wither Women's History nasa *Review of Women's Studies*. 8(2). 1–9.

Chamberlayne, P., Bornat J. at Wengraf T. (mga patnugot). (2000). *The Turn to Biographical Methods in Social Science: Comparative Issues and Examples*. London at New York: Routledge.

Dery, L. C. (2000). *Remember the Ladies and Other Historical Essays on the 1896 Philippine Revolution.* Metro Manila: M & L Licudine Enterprises.

Diestro, D.D. A., W. M. Reyes, at R. V. Pagunsan (mga patnugot), *Talambuhay at Lipunan: Si Heneral Paciano Rizal sa Kasaysayang Pilipino*. Unibersidad ng Pilipinas – Los Baños: Sentro ng Wikang Filipino.

Florendo, M. N. B. (1998). Returning Women's Memory: Some Notes on a Gender-Sensitive Historical Methodology nasa *Review of Women's Studies*. 8(2). 10–17.

Ileto, Reynaldo Clemeña. (2011). *Pasyon and Revolution: Popular Movements in the Philippines, 1840–1910* (8th Printing). Lunsod Quezon: Ateneo De Manila University Press.

Jose, M. D. dL. (2008) Kamalayang Sektoral at Feminista sa Pananaliksik at Pagtuturo ng Kasaysayan nasa A. Navarro, A. Campomanes at J.L. Candelaria (mga patnugot). *Kaalaman at Pamamaraan sa Pagtuturo ng Kasaysayan* (pah. 79–85). Lunsod Quezon: Pimbagang Pangkasaysayan (LIKAS).

Jose, M. D. dL. at Navarro, A. (2010). *Kababaihan sa Kalingangan at Kasaysayang Pilipino*. Lunsod Quezon: C & E Publsihing, Inc.

Lopez-Roy, G. (Producer), Añonuevo, N. at Celestino, C. (Mga Direktor) (1996). *Bayani* (dokumentaryo). Lunsod Quezon: ABS-CBN Foundation, Inc.

Medina, I. R. (1995). Melchora Aquino: Wife of Fulgencio Ramos nasa R. H. Soriano (patnugot). *Women in the Philippine Revolution* (pah. 12–15). Lunsod Quezon: Printon Press.

Navarro, A. (2000). *Ang Bagong Kasaysayan sa Wikang Filipino: Kalikasan, Kaparaanan, Pagsasakasaysayan*. Lunsod Quezon: Palimbagan ng Lahi.

Nelson, G.L. M. (2006). Mga Pananaw Hinggil sa Ugnayan ng Talambuhay at Lipunan nasa D.D. A. Diestro, W. M. Reyes, at R. V. Pagunsan (mga patnugot), *Talambuhay at Lipunan: Si Heneral Paciano Rizal sa Kasaysayang Pilipino* (pah. 3–10). Unibersidad ng Pilipinas – Los Baños: Sentro ng Wikang Filipino.

Ofroneo, R. P. (1998) How to Make Women Visible in History nasa *Review of Women's Studies*. 8(2). 18–48.

Quirino, C. (1995). *Who's Who in Philippine History*. Makati: Tahanan Books.

Reguindin, J.S. at Elumbre A. L. (2008). Pagsasakasaysayan ng Sarili sa Kasaysayang Buhay: Talambuhay at Talaangkanan Bilang Pag-uugnay sa Indibidwal at Lipunan nasa A. Navarro, A. Campomanes at J.L. Candelaria (mga patnugot). *Kaalaman at Pamamaraan sa Pagtuturo ng Kasaysayan* (pah. 52–67). Lunsod Quezon: Pimbagang Pangkasaysayan (LIKAS).

Rodriguez-Tatel, M. J. (2010). Ang Kababaihan sa Himagsikang Piliino nasa M. DL. Jose at A. Navarro (mga patnugot). *Kababaihan sa Kalinangan at Kasaysayang Pilipino*. Lunsod Quezon: C & E Publishing, Inc.

Santiago, L.Q. (1996). Ang Pinagmulan ng Kaisipang Feminista sa Pilipinas nasa *Review of Women's Studies*. 6(1). 141–157.

Villangca, P. M. (1998). *Mga Bayaning Pilipino.* Lunsod Quezon: Sonny A. Mendoza Publishing, Inc.